Pangalan: Namrodin M. Utara
Paksa ng Khutbah: “Kamatayan: Paghahanda sa Libingan”
Isinaayos ni: Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
January 26, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلْ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”*** (Alo ‘Imran: 102)

Mga kapatid at magulang, katiyakang itinakda ni Allah ang kamatayan sa bawat isa sa atin, kaya’t tayong lahat ay makakaranas ng kamatayan at walang sinuman ang makakaligtas mula rito. Walang sinuman sa atin na may kakayahang takasan o pigilan ang kamatayan, gamitin man natin ang lahat ng ating tinataglay na kayamanan o kapangyarihan. At maging ang makabagong teknolohiyang panggamutan ay hindi nito kayang pigilan ang kamatayan, sapagkat ito ay itinakda na ni Allah sa bawat isa sa atin. Sinabi ni Allah sa Qur-an:

﴿ قُلْ إِنَّ الْمَوْتَ الَّذِي تَفِرُّونَ مِنْهُ فَإِنَّهُ مُلَاقِيكُمْ ﴾ الجمعة: 8

***“Tunay na ang kamatayan na inyong iniiwasan ay katiyakang inyong makakaharap.”*** (Al-Jumuah:8)

Mga kapatid at magulang sa Islam, ang kamatayan na pilit nating kinamumuhian, pilit nating tinatakasan, at pilit nating tinatakbuhan ay katotohan na hinding-hindi natin ito magagawang iwasan sapagkat ito ay makakaharap natin saan man tayo naroroon. Ating tandaan na anuman ang ating ginawa dito sa Mundo ay ating aanihin sa kabilang-buhay at ang buhay sa Mundong ito ay isa

lamang kasiyahang nakapanlilinlang. Kaya't nararapat na paghandaan natin ang kamatayan bago pa man ito dumating sa atin. Sinabi ni Allah:

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ وَلْتَنظُرْ نَفْسٌ مَّا قَدَّمَتْ لِغَدٍ ۖ وَاتَّقُوا اللَّهَ ۚ إِنَّ اللَّهَ خَبِيرٌ بِمَا تَعْمَلُونَ﴾
الحشر: 18

***"O kayong mga naniniwala, katakutan ninyo si Allah, at tingnan ng bawat kaluluwa kung ano ang kanyang ipinaghanda para bukas. At inyong katakutan si Allah, katotohanan si Allah ay nakababatid sa anumang inyong ginagawa."*** (Surah Al-Hashr: 18)

Tanungin natin ang ating mga sarili: Kung ang ating buhay ay biglang magtapos, handa ba tayong humarap kay Allah nang may malinis na konsensya? Kung ang ating mga gawa ay titimbangin ngayon, sapat ba ito upang maipasa ang bigat sa Araw ng Paghuhukom? Ilang beses ba nating iniisip ang kamatayan bilang gabay upang tayo'y maging mas mabuti at mas handa? Pakinggan natin ang ilang mga hakbang kung paano natin paghahandaan ang kamatayan:

**1. Pagpapatibay ng Iman (Paniniwala)**

Ang pinakamahalagang paghahanda sa kamatayan ay ang pagpapanatili ng matibay na pananampalataya kay Allah. Ang Tawheed (pagkilala sa Kaisahan ni Allah) ay kailangang manatiling buo hanggang sa huling hininga.

**2. Pagsisisi (Tawbah) at Paghingi ng Kapatawaran (Istighfar)**

Ang bawat Muslim ay kailangang magsisi at humingi ng tawad kay Allah para sa kanyang mga kasalanan bago dumating sa kanya ang kamatayan.

**3. Paggawa ng mga Mabubuting Gawa**

Ang paggawa ng mabubuting gawa ay mahalaga bilang paghahanda sa kamatayan, sapagkat ang ating mga gawa ang titimbangin sa Araw ng Paghuhukom.

**4. Pag-alala sa Kamatayan**

Ang madalas na pag-alaala sa kamatayan ay nagdudulot ng pagiging mas handa para rito.

Mga kapatid, ang kamatayan ay tiyak na darating, kaya nararapat tayong maghanda para rito sa pamamagitan ng pagpapatatag ng ating pananampalataya, pagbabalik-loob kay Allah mula sa mga kasalanang nagawa, paggawa ng mga mabubuting gawa gaya ng pagiging mabuti sa kapwa, at palagiang pag-alaala kay Allah saan man tayo naroroon.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُو الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ للهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga kapatid at magulang sa pananampalataya, katotohanan bilang mga Muslim na naniniwala sa kaisahan ni Allah nararapat lamang sa atin na paghandaan ang kamatayan, sapagkat walang pag-aalinlangan na ito ay darating sa atin at hindi natin ito matatakbuhan o maiiwasan.

Tayong mga anak ni Adam na ngayo’y lumalakad sa ibabaw ng lupa, sa bandang huli’y sa ilalim nito ang ating hantungan. Tayong mga anak ni Adam na ngayo’y nagpapakasarap sa ibat-bang uri ng pagkain sa ibabaw ng lupa. Darating ang oras na kapag nasa ilalim na tayo nito ang mga ahas at bulate naman ang kakain sa atin. Tayong mga anak ni Adam na ngayo’y tumatawa sa ibabaw ng lupa, tayo’y iiyak kapag nasa ilalim na tayo nito. Tayong mga anak ni Adam na lumalakad sa ibabaw ng lupa, ngayon ay labis na maligaya, labis na nagsasaya, ngunit tayo ay labis na iiyak kapag nasa ilalim na tayo nito. Tayong mga anak ni Adam, na ngayo’y gumagawa ng ibat-ibang uri ng kasalanan at hindi nagbabalik loob sa Panginoong Tagapaglikha ng lupa na ating tuntungan, ngunit ating matitikman ang ibat-ibang uri ng kaparusahan sa ating mga kasalanan kapag nasa ilalim na tayo nito, ng lupa na ating tinutuntungan — ang ating hantungan.

Ganito ang libingan mga kapatid, ito ang libingan o “Qabr” na kailangan nating paghandaan dahil katiyakan na tayo ay makakaranas at ihahatid sa lugar na ito. Ito ang lugar na napakadilim, nakakatakot at punong-puno ng ahas at bulate sa mga hindi mananampalataya at mga sumuway kay Allah. Ito ang lugar na pinaparusahan ang tao hanggang sa paggunaw ng Mundo. Ito ang lugar na wala kang maisasama mula sa lahat ng iyong ari-arian, kayamanan maliban lamang sa iilang piraso ng tela na ipambabalot sa katawan mong lupa.

Dito sa Mundo marami kang nakikitang tao, maraming nagmamalasakit na mga kaibigan at kamag-anak, subalit sa iyong libingan mag-isa ka lamang at walang tutulong sa iyo maliban sa iyong mga mabubuting gawa. Kaya’t ano ang inihahanda mo sa iyong kamatayan at sa iyong libingan? Kayamanan, posisyon, karangyaan, kasikatan, lahat ng ito ay iiwanan mo kapag naghiwalay na ang iyong katawan at iyong kaluluwa, pag-aagawan ang mga kayaman na iyong naiwan ng ibang tao, lalung-lalo na ng iyong mga mahal sa buhay at wala kang makakasama sa iyong libingan maliban sa iyong mabuting gawa. Ang tanging kaakibat mo at tutulong sa iyo pagdating mo sa iyong libingan higit lalo sa kabilang-buhay ay anumang mabuting gawa na iyong nagawa nang nabubuhay ka pa dito sa Mundo.

Mga kapatid at magulang sa pananampalataya, tunay na ang kamatayan ay darating sa atin nang walang paalam. Ang yaman, posisyon, at karangyaan na ating inipon ay maiiwan. Ngunit huwag tayong mawalan ng pag-asa. Kapag ang isang tapat na mananampalataya ay inilagay sa kanyang libingan, makikita niya ang isang magandang anyo na may magandang kasuotan at mabangong amoy. At magsasabi siya: “Magalak ka sa mga bagay na magpapasaya sa iyo, ito ang iyong araw na ipinangako sa iyo.” At ang mananampalataya ay lubos na magagalak.

At sinabi ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam):

"فَيَقُولُ لَهُ: مَنْ أَنْتَ؟ فَوَجْهُكَ الْوَجْهُ يَجِيءُ بِالْخَيْرِ فَيَقُولُ: أَنَا عَمَلُكَ الصَّالِحُ." (رَوَاهُ أَحْمد)

*“Siya (ang mananampalataya) ay magtatanong sa kanya: ‘Sino ka? Sapagkat ang iyong mukha ay puno ng kabutihan.' At sasagutin siya: 'Ako ang iyong mga mabubuting gawa.’”* (Inulat ni Ahmad)

Isa ito sa mga gantimpala para sa mga handa sa kamatayan. Siya ay sasamahan ng isang may magandang anyo at mabangong amoy sa libingan. At ito’y ang kanyang mga mabubuting gawa. Kaya’t nararapat lamang mga magulang

at kapatid sa pananamapalataya, paghandaan natin ang kamatayan at ang ating libingan. Huwag na huwag tayo papayag na darating sa atin si “Malakal Mawt” na wala tayong maisasama sa ating mga libingan na mga mabubuting gawa na makakatulong sa atin. Kaya’t maging masigasig tayo sa pagsamba, sa paggawa ng mabuti, at sa pag-iwas sa kasalanan. Huwag nating sayangin ang panahon na ipinagkaloob sa atin ni Allah upang maghanda para sa Araw ng Paghuhukom.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفُوَ فَاعْفُ عَنَّا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***